

IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

Bumuti ang mga kundisyon ng sektor ng pagmamanupaktura sa pinakamabilis na rate sa loob ng 32 buwan

Mga pangunahing nalaman

Bumilis ang pagtaas ng output sa gitna ng pinakamabilis na muling pagdami ng mga bagong order mula noong Hulyo 2014

Pinakamabagal na rate ng pagbabawas ng trabaho mula noong nakaraang Pebrero

Tumaas ang mga pressure sa gastos habang patuloy na humahaba ang mga tagal ng paghahatid ng mga supplier

Nakolekta ang data noong Enero 12-25, 2021.

Nagpatuloy hanggang 2021 ang pagbangon ng sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN, ayon sa pinakabagong data ng Purchasing Managers' Index (PMI™) ng IHS Markit.

Nakapagtala ang headline na PMI ng 51.4 noong Enero, na tumaas mula sa 50.8 noong Disyembre, at nagsenyales ito ng pinakamabilis na pagbuti ng kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN mula noong Mayo 2018.

Pangunahin sa mas mahusay na pagbangon ay ang mas mabibilis na pagtaas ng produksyon sa pabrika at mga bagong order. Tumaas ang output sa pinakamabilis na rate sa loob ng higit dalawa't kalahating taon, habang ang muling pagtaas sa bagong trabaho ay ang pinakamabilis mula noong Hulyo 2014.

Tumaas din ang headline na figure noong Enero dahil sa patuloy na paghaba ng mga tagal ng paghahatid ng mga supplier. Lubos ding bumagsak ang performance ng vendor sa pangkalahatan, na may kaunting pagbabago sa kalalaan ng mga pagkaantala mula noong Disyembre.

Samantala, sa muling pagtaas ng demand, hindi na gaanong nagbawas ng trabaho ang mga kumpanya sa unang buwan ng 2021. Ang kamakailang pagbabawas ng mga empleyado ang pinakamabagal mula noong nakaraang Pebrero at hindi ito gaanong malala. Sa kabila ng pagbagsak ng bilang ng mga tauhan, ang dami ng trabahong natatanggap (ngunit hindi pa nakukumpleto) ay lumiit pa, bagama't sa pinakamabagal na rate sa kasalukuyang 19 na magkakasunod na buwang pagbagsak ng mga backlog.


Kasabay nito, patuloy na binawasan ng mga producer ng mga produkto ang pagbili ng input noong Enero, bagama't hindi nagbago ang rate ng pagbabawas mula noong Disyembre at nananatili itong maliit lang. Kasunod nito, bumagsak ang mga imbentaryo sa pre-production, tulad ng nangyari sa lahat ng buwan mula noong Oktubre 2016, maliban sa isang buwan. Kaugnay nito, naging pinakamabagal ang rate ng pagbagsak sa loob ng higit sa isang taon. Ang kamakailang pagbagsak sa mga stock ng mga natapos na produkto ang pinakamababa rin mula noong Pebrero 2020.

Pagdating sa presyo, tumindi ang mga pressure sa gastos noong Enero. Tumaas ang mga mga presyo ng input sa pinakamataas na rate mula noong Oktubre 2018 at sa pangkalahatan, kapansin-pansin ito. Dahil dito,

ipinagpatuloy...

ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

"Nakapagtala ang sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN ng mahusay na simula sa 2021, habang bumuti ang kalagayan ng sektor para sa pangalawang magkakasunod na buwan at nasa pinakamabilis na rate ito mula noong Mayo 2018. Pangunahin sa patuloy na pagbangon ay ang mas mabibilis na muling pagtaas sa produksyon at mga bagong order na may mataas na paglaki ng output sa loob ng 32 buwan, habang ang kamakailang pagtaas sa rate ng bagong trabaho ay ang pinakamabilis mula noong 2014.

"Gayunpaman, patuloy na nagbawas ng bilang ng mga tauhan ang mga kumpanya noong Enero, malamang ay bahagi ito ng kanilang habang upang labanan ang pagtaas ng mga pressure sa gastos sa harap ng isa pang nakikitang paghaba ng mga lead time para sa mga input. Kaugnay nito, higit pang bumagal ang rate ng pagbabawas ng trabaho at ito ang pinakamabagal mula noong nakaraang Pebrero.

"Sa pangkalahatan, ang kamakailang data ng PMI ay magandang balita para sa sektor ng pagmamanupaktura, na nagpapahiwatig na magsisimula na sa wakas ang pagbangon. Gayunpaman, nananatiling iregular ang mga kundisyon sa antas ng bansa habang pinipigilan ng mas mahihigpit na panukala sa pag-lockdown ang demand sa ilang bansa. Gayunpaman, kung matagumpay ang mga kasalukuyang paghihigpit na pigilan ang pagdami ng bilang ng mga kaso ng pagkakasakit dahil sa virus, magkakaroon dapat ng higit pang pag-angat ang sektor sa pangkalahatan habang inilulusad ang bakuna at niluluwagan ang mga panukala sa buong mundo."

tinaasan din ng mga manufacturer ang kanilang mga singil sa factory gate sa pangatlong magkakasunod na buwan, na may pinakamabilis na rate ng pagtaas ng singil mula noong Mayo 2019.

Kung tatanaw sa hinaharap, mataas ang kumpiyansa ng mga kumpanya sa ASEAN na magkakaroon ng mas mataas na output sa loob ng 12 buwan. Gayunpaman, bumaba nang kaunti ang antas ng positibong sentimiyento mula noong Disyembre at dati na itong mababa.

Sa pitong miyembrong bansa sa ASEAN, nanatiling iregular ang mga performance noong Enero. Nangunguna sa pagbangon ang Singapore, kung saan ang headline na PMI (55.9) ay nagsenyales ng pinakamatinding muling pagbuti ng mga kundisyon mula noong Mayo 2013. Sa Pilipinas, bumuti pa ang kalagayan ng sektor, na nakapagtala ng PMI (52.5) na pinakamataas mula noong Disyembre 2018 at naging indikasyon ito ng katamtamang pag-angat sa pangkalahatan.

Samantala, higit pang nakabangon ang Indonesia sa simula ng 2021. Tumaas ang headline na index sa 52.2 na pinakamataas sa nakalipas na anim at kalahating taon at naging indikasyon ito ng katamdang rate ng paglago. Vietnam lang ang natatanging bansa na bumuti ang mga kundisyon ng pagmamanupaktura sa unang buwan ng 2021. Bumagsak nang kaunti ang headline na PMI sa 51.3 noong Enero, mula sa 51.7 noong Disyembre, ngunit indikasyon pa rin ito ng katamtamang pagbuti sa kalagayan ng sektor.


Kasabay nito, nakapagtala ang Thailand ng higit pang pagbagsak sa mga kundisyon. Bumagsak ang headline na PMI (49.0) nang mas mababa sa neutral na 50.0 na marka sa unang pagkakataon mula noong nakaraang Setyembre at naging indikasyon ito ng katamtamang rate ng contraction. Sa Malaysia, nagpatuloy ang pagbagsak, kung saan umabot na sa anim na magkakasunod na buwan ang pagbagsak ng mga kundisyon sa sektor ng pagmamanupaktura (PMI sa 48.9).

Panghuli, patuloy na bumagsak ang kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura sa Myanmar na binigyang-diin sa data noong Enero. Kaugnay nito, tumaas ang headline na PMI sa 47.8 para sa pangatlong magkakasunod na buwan at ito ang pinakamahirang rate ng contraction mula noong Hunyo.

Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Makipag-ugnayan

Lewis Cooper
Economist
IHS Markit
Telepono: +44 1491-461-019
lewis.cooper@ihsmarkit.com

Katherine Smith
Public Relations
IHS Markit
Telepono: +1 781 301 9311
katherine.smith@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaaayos.

Kinolekta noong Enero 12-25, 2021 ang data noong Enero 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa katherine.smith@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahang nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa ihsmarkit.com/products/pmi.html.